Katotohanang ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-kapag siya ay yumuyuko,ay ibinubuka niya ang mga daliri nito,at kapag siya ay nagpatirapa ay pinagdidikit niya ito.

Ayon kay Wa`el bin Huj`r-malugod si Allah sa kanya-Katotohanang ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-kapag siya ay yumuyuko,ay ibinubuka niya ang mga daliri nito,at kapag siya ay nagpatirapa ay pinagdidikit niya ito.
[Tumpak] [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Habba`n]

Ang kahulugan ng Hadith:" Kapag siya ay yumuyuko,ay binubuka niya ang mga daliri nito,at kapag siya ay nagpatirapa,ay pinagdidikit niya ang mga daliri nito" ibig sabihin ay;Na ang Propeta -pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-kapag siya ay nakayuko,hinahawakan niya ang tuhod niya sa dalawang palad niya at binubuka niya ang mga daliri nito;sapagkat ito ay mas mainam sa pagyuko at mas matatag sa pagsasagawa nang pagpapantay sa likod niya at ulo niya.At sa pagpatirapa, inilalagay niya ang dalawang palad niya sa lupa,at ibinubuklod niya ang mga daliri niya at pinagdidikit ang bawat isa nito;upang maisagawa nito ang ganap na pagharap sa Qiblah rito.at ito ang pinaka-mainam na tulong sa pagtitiis niya habang nakapag-patirapa.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/10928